Charis Commitment to Common Identity

Panimula

Kasaysayan

Ang Samahan ng Charis (Charis Movement) ay binubuo ng mga namumuno at ng mga simbahan na kilala sa tawag na Grace Brethren. Ito ay nagsimula sa Germany, noong 1708 kung saan mayroong maliit na grupo ng mga matatapat na tagasunod ni Kristo na nangakong magtatatag ng simbahan na tapat sa mga turo ng Bagong Tipan. Ngunit aming napansin na ang aming ispiritwal na pundasyon ay itinatag sa malawak na gawain ng mga maka-Diyos na kalalakihan at kababaihan sa kabuoan ng aming kasaysayan na siyang matapat na naglingkod upang maipaliwanag at maisabuhay ang Katotohanan patungkol sa Diyos. Sa kabila ng pagpapakita ng iba't-ibang pamamaraan ng aming mga paniniwala sa aming mga nakalipas na kasaysayan, patuloy kaming pinatatatag sa aming hindi matitinag na katapatan kay Hesus, ang Buhay na Salita, at sa Banal na Kasulatan, ang Nakasulat na Salita, ang pinaka huling may kapangyarihan sa lahat ng aming mga pananampalataya at gawain.

Sa mga nakalipas na taon, kinilala ng aming samahan ang mga panahon ng kaluwalhatian ng pag-unlad at maging sa panahon ng kalungkutan sa kaguluhan at sa gitna ng ibat-ibang mga usapin. Dahil sa habag ng Diyos, ngayon ay isa na kaming pamilya na binubuo ng mga simbahan sa buong mundo na mayroong iisang pangako na maunawan ang Salita ng Diyos (Katotohanan ng Biblia), upang mamuhay bilang mga Anak ng Diyos (Biblical Relationships) at, upang maisakatuparan ang Layunin ng Diyos (Biblical Mission). Ang tatlong panatang ito ay ibinabahagi sa buong heographiya at sa ibat-ibang kultura ng mga kongrgasyon na kabilang sa amin.

Format (Pagkakaayos)

Ang *Pangako ng Charis sa Pangkalahatan* ay buod ng aming mga pananalig sa Biblia, may nagkakaisang panata, at may iisang kaugalian. Hindi ito nilalayon na maipahayag ang lahat ang aming mga paniniwala at mga gawain, gayun din naman, hindi rin nilalayon na maging pinakahuling batayan ng pagpapahayag ng mga paniniwala at kaugalian. Ngunit, ito ang aming kasalukuyang pagpapakita ng aming patuloy na pakikibaka upang maisakatuparan ang hindi pabago-bagong katotohanang Salita ng Diyos sa gitna ng patuloy na pabago-bagong katotohanan at pangangailangan sa ating mundo. Ito ay nakaayon sa mga sumusunod na tatlong “grupo”:

1. Ang *Pinaka Sentro* ang nagpapatunay ng aming walang hanggang katapatan kay Jesu-Kisto, na siyang dahilan kung bakit kami nabubuhay, kumikilos at kung bakit nabuo ang aming pagkatao.

2. Ang pinaka *Sentro ng Ebanhelyo* ay binabalangkas ang aming ibinabahaging paniniwala sa mga taong dinaranan ng kinagawiang kaugalian (stream of historic orthodoxy) at sa buong komunidad ng evangelical sa buong mundo na nagtataglay ng mataas na pananaw sa Diyos at sa Banal na Kasulatan;

3. *Ang pagkakakinlanlan ng Charis* ay buod ng mga pananaw at mga gawaing ibinahagi ng mga simbahan ng Grace Bretheren at ng mga nangunguna sa buong mundo.

Mga Gamit

Aming hinihikayat ang aming mga pinuno at mga simbahan na gamitin ang kasulatang ito sa mga sumusunod na paraan:

1. Upang hikayatin ang mga susunod na henerasyon na maintindihan, makilala at makibahagi sa amin;

2. Upang sanayin ang mga bagong disipolo na lumago at maglingkod kasama namin;

3. Upang ihanda ang mga disipolo na nagnanais na makisapi sa amin;

4. Upang pagtibayin ang kaalaman at paniniwala ng aming mga namumuno at ng mga miyembro;

5. Upang tulungan kaming makaugnay nang tama sa aming mga binuong katuwang;

6. Upang malaman kung anong simbahan o grupo ng mga simbahan ang nararapat na bumuo ng makikibahagi ng ating mga samahan sa buong mundo.

Naniniwala kami na anumang dokumentong isinulat ay isinulat ng tao, at nararapat na isailalim sa patuloy pagtatalakay at mapabumuti habang lumalago tayo sa ating pagkaunawa sa Biblia, ang kaisa-isang hindi nagbabago ay ang Salita ng Diyos, habang nilalayon naming maisabuhay ang Biblia sa ating pabago-bagong konteksto ng kultura.

1. Ang Sentro

Aming ipinahahayag na si Jesus-Kristo, ang Salita ng Diyos na nagkatawang tao[1] na inihayag sa Biblia, ang Salita ng Diyos na isinulat,[2] na Siya lamang Panginoon at Tagapagligtas.[3] Siya ang sentro ng aming ibinahaging karanasan ng tutoong biblical na pagkakaisa.

2. Ang Puso Evangelical

Aming pinaninindigan ang aming pangako sa mga sumusunod na katotohanan ng Biblia na aming ibinabahagi sa iba pang tunay na mananampalataya kay Hesus:

1. **Ang Nag-iisang Tunay na Dios -** Mayroon lamang isa, at nag-iisang tunay na Dios,[4] ang Diyos ni Abraham, Isaac at Jacob.[5] Siya ang Manlilikha at Panginoon ng lahat,[6] nabubuhay ng walang hanggan sa tatlong katauhan, walang labis at walang kulang - Ama, Anak at Espiritu Santo.[7]

2. **Ang Panginoong Jesus-Kristo -** Si Jesus-Kristo ay ganap na Dios, nabubuhay ng walang hanggan.[8] Kaniyang nilikha ang lahat at para sa Kaniya ang lahat,[9] Siya ay nabuhay sa loob ng sinapupunan ng isang birhen.[10] Siya ay nagkatawang tao,[11] ngunit hindi nagkasala kailanman.[12] Namatay Siya bilang kapalit na pantubos sa kasalanan,[13] muling nabuhay,[14] umakyat sa langit kung saan Siya'y nanatiling Dios at bilang tao,[15] Siya'y patuloy na kumakalinga[16] hanggang sa Kaniyang muling pagbalik.[17]

3. **Ang Banal na Espiritu -** Ang Banal na Espiritu ay ganap na Diyos, nabubuhay ng walang hanggan.[18] Siya ay isang persona[19] at katuwang sa Paglikha[20] at ang inspirasyon ng Banal na Kasulatan.[21] Ang Kaniyang paghahatol[22] at ang muling pagsilang[23] ay napaka halaga sa

kaligtasan ng mananampalataya. Ang mga mananampalataya ay may karapatang makaranas ng kaligayahan, mapuspos[24] at lumalakad sa Banal na Espiritu[25] upang mabigyan ng kapangyarihan sa buhay Kristiano, serbiyo at misyon.[26]

4. **Ang Biblia -** Ang animnaput-anim na libro, at ang mga ito lamang, na kilala sa tawag na Bagong Tipan at Lumang Tipan ang mga isinulat na Salita ng Diyos.[27] Pinatutunayan na Kaniyang Salita ang nakasulat, hiningahan at pinamahalaan ng Dios ang pagsusulat ng bawat salita sa Biblia[28] kung kaya't makapangyarihan (dapat sundin), totoo, at walang pagkakamali sa orihinal na kasulatan ang Biblia.[29] Pinapanatili ng Dios ang Kaniyang Salita,[30] ito ay makapangyarihan at mabisa upang maisakatuparan ang Kaniyang layuning kaligtasan sa bawat bansa.[31] Ang Espiritu ng Diyos ang nagbibigay ng kaliwanagan sa bawat kultura sa isip ng mga mananampalataya upang maunawaan at maisabuhay ang hindi nagbabagong katotohanan ng Kasulatan sa makabago at pamamaraang nauukol sa ikabubuti ng buong Katawan ni Kristo.[32]

5. **Ang Sangkatauhan -** Nilikha ng Dios ang lalaki at babae sa Kaniyang sariling wangis (imahe).[33] Kung kaya't, ang lahat ng tao ay nagtataglay ng imaheng iyon.[34] Subalit, ang nagawang kasalanan ni Adan ang nagdulot ng kamatayang espiritwal[35] na dinaranas ng lahat ng tao magmula pa kay Adan,[36] dinungisan ang magandang imahe ng Diyos na nasa kanila sa bawat bahagi ng kanilang buhay. Ang kamatayang espituwal[37] ang nagdulot sa sangkatauhan upang hindi niya mailigtas ang kanilang sarili[38] at humantong sa pisikal na kamatayan.[39] Kung kaya, kinakailangan ang muling pagsilang para sa kaligtasan.[40]

6. **Ang Kaligtasan –** Ganap ang kaligtasang biyaya ng Diyos at ang walang hanggang kaligtasan na nagmumula lamang sa Kaniyang kabutihan, tinanggap bilang isang libreng regalo ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus-Kristo at sa Kaniyang mga ginawa, at ipinahayag na mananapalatayang matuwid sa Kaniyang harapan[41].

7. **Ang Simbahan -** Mayroong nag-iisang tunay na simbahan na tinatawag na Tahanan ng Diyos,[42] ang Katawan ni Kristo[43] at ang Templo ng Banal na Espiritu.[44] Ito ay binubuo ng lahat ng mga tutoong alagad ni Hesus-Kristo at nilikha sa pamamagitan ng gawa ng Banal na Espiritu.[45] Matatagpuan ang pagpapahayag ng tutoong simbahang ito sa mga local na simbahan.[46]

8. **Ang Buhay Kristiyano –** Naligtas ang mananampalataya sa pamamagitan lamang ng kaniyang pananampalataya.[47] Ang pananampalatayang nakapagliligtas ay inaasahang mamunga ng pagsunod[48] at mabubuting gawa,[49] na siyang bunga ng pananahan ng Banal na Espiritu.[50] Ang lawak ng turo ng Biblia sa bawat-isa at sa pangkalahatan, ay pinalawig sa bawat panig ng buhay.[51] Matapat na pinagpatuloy ng Dios na tapusin ang pagpapabanal na Kaniyang sinimulan sa buhay ng bawat mananampalataya[52] na ang layunin ay maging katulad ni Kristo.[53]

9. **Ang Mga Anghel, Satanas, mga Demonyo –** Lumikha ang Dios ng napakaraming ispirituwal na nilalang na kung tawagin ay mga "anghel".[54] Ang mga matutuwid na anghel ay patuloy na naglilingkod sa Dios at gumagawa sa paligid ng langit at maging sa lupa.[55] Dahil sa kaniyang hindi pagsunod, si Satanas, ang anghel na tumalikod sa Dios ay naging kalaban ng Dios at ng mga anak ng Dios,[56] kaniyang isinama ang hukbo ng mga demonyo.[57] Tinalo na ni Hesus si Satanas[58] kaya't tiyak na ang huling paghuhukom at katapusan ni Satanas at ng kaniyang mga

demonyo.[59]

10. **Ang Buhay sa Hinaharap -** Ang mga patay ay magkakamalay sa kawalang-hanggan[60] at muling mababuhay.[61] Ang mga hindi mananampalataya ay nahatulan na, at nahatulang maghirap nang habambuhay na nakahiwalay sa Dios.[62] Ang mga mananampalataya ay pinagkalooban na ng buhay na walang hanggan,[63] at hahatulan at gagantimpalaan ayon sa kanilang mga gawa,[64] at makakaranas ng kaluwalhatian, at mababuhay ng walang hanggan na kapiling ang Panginoon.[65]

3. Ang Aming Pagkakakilanlan bilang Charis : Ang Mga Pangako ng Aming Samahang Global

Buod ng Karagdagang Pangako mula sa Katotohanan ng Biblia

1. Nilalayon naming maunawaan ang layunin ng bawat manunulat sa pagsasalin ng Biblia sa paggamit ng gramatika (pambalarila), kasaysayan at ang prinsipyo ng konteksto,[66] nakatuon ito kay Kristo, pinangunahan ng Banal na Espiritu,[67] at ginabayan ng biyaya. Aming tinatanggap ang Ganap na kapangyarihan ng Biblia kaysa sa mga doktrina (kredo), tradisyon o sa mga namumuno.[68]

2. Ipanagkakatiwala namin ang aming patuloy na pag-aaral, pang-unawa at pagsasabuhay sa hindi nagbabagong katotohanang Salita ng Diyos sa ating pabago-bagong mundo, maging personal, sosyal o maging sa kultura man.[69]

3. Aming sinasang-ayunan na ang mga tunay na mananampalataya ay nanampalataya kay Hesu-Kristo at nanatiling buhay sa pamamagitan ng pagtubos ng kabutihang loob ng Dios sa pamamagitan ng Kaniyang pangako at kapangyarihan.[70] Ang bawat mananampalataya ay pinawalang-sala,[71] biniyayaan ng lahat ng pagpapalang espiritual.[72] at pinalaya sa lahat ng kaparusahan.[73]

4. Aming sinasang-ayunan na ang Banal na Espiritu ang gumagawa ng pagbabautismo,[74] at sabay na matatagpuan ang pagtatatak[75] at pananahan[76] ng Banal na Espiritu sa muling kapanganakan at sa mga tinataglay ng mga tunay na mananampalataya. Pinagkakalooban ng Banal na Espiritu ang bawat mananampalataya ng kakaibang pinagsama-samang biyayang espirituwal para sa paglilingkod sa Diyos at sa sangkatauhan.[77]

5. Aming sinasang-ayunan na si Hesu-Kristo ang nagbigay ng kautusan sa Iglesia:

   Pinatutunayan ng pagbabautismo ang ating tunay na kaligtasan at nakilala tayo bilang mga disipolo ng Iisang Dios na may tatlong Persona. Kaya't amin kayong hinihikayat na gawin ang paglulubog sa tubig ng bautismo.[78]

   Pinatutunayan ng kumunyon ang ating pagiging matuwid, banal at, pagiging maluwalhati, nangyari ang lahat ng ito sa pamamagitan ni Hesu-Kristo. Kung kaya't aming hinihikayat ang pagsasagawa ng mga simbolong ito: ang tinapay at saro, ang paghuhugas ng paa at ang pagsasalo-salo sa banal na hapunan.[79]

6. Aming hinihikayat ang pagsasagawa ng iba pang bibilikal na gawain, tulad ng pagpapahid ng langis at panalangin para sa may sakit,[80] pagpapatong ng kamay para sa ministeryo,[81] at iba pa.

7. Aming sinasang-ayunan na nagsimula ang Simbahan sa isang natatanging araw ng Pentecoste noong ipinadala ng ating Panginoong umakyat sa langit ang Kaniyang Espiritu sa mga naghihintay na mga disipolo.[82] Ang kasalukuyang Simbahan ay haharap sa katapusan sa oras na ang Panginoon ay dumating mula sa kalangitan upang alisin ang Kaniyang Simbahan sa lupa[83] at tuparin ang Kaniyang pangako sa Israel.[84] Ang ikalawang pagbabalik ni Kristo ay ang personal, pisikal at makikita ang pagbabalik ni Kristo mula sa langit patungo sa lupa[85] kasama ang Kaniyang Iglesia,[86] upang itatag ang Kaniyang paghahari ng isan-libong taon[87] bago Niya itatag ang Kaniayang walang hanggang kaharian.[88]

Buod ng aming mga Pangako sa Relasyong Biblikal

1. Aming sinasang-ayunan na ang Iisang Dios na may tatlong Persona ay nagsilbi bilang perpekto at natatanging modelo sa pakikipagkapwa.[89] Dahil dito, ang bawat nilalang ay pantay-pantay ang kahalagahan ngunit naiiba ang mga gampanin ng bawat isa na siya namang naipapamalas sa pamamagitan ng pagkakaisa na may pagmamahal.[90]

2. Aming sinasang-ayunan na ang pagkakaiba sa kaloob ng Diyos at ministero ay pagpapakita ng ibat-ibang bahagi ng kaluwalhatian ng Diyos.[91] Dahil dito, aming hinihikayat ang lahat ng mananampalataya na gamitin ang kanilang mga kaloob sa mga gawain na magpapamalas ng pagkakaisa, paglago at ministeryo ng lokal na Iglesia.[92]

3. Aming sinasang-ayunan ang aming obligasyong mahalin at igalang ang bawat-isa, at isabuhay ang panghihikayat sa kabutihan ang 'bawat-isa'. Dahil dito, kami'y nangangakong gumawa nang sama-sama at ayusin ang anumang aming pagkakaiba, para sa ikabubuti ng bawat-isa, ng simbahan at ng komunidad.[93]

4. Aming sinasang-ayunan ang responsibilidad ng mga lokal simbahan na pangasiwaan ang kanilang mga gawain[94] habang hinihikayat ang mga simbahan na mamuhay at maglingkod sa komunidad at makipagkaisa sa iba pang mga simbahan.[95]

5. Aming sinasang-ayunan ang mandato at ang agarang pangangailangan na maisakatuparan ang Dakilang Utos na gagabayan tayong mahanap ang daan patungo sa pakikipagtulungan sa bawat-isa, at tulad ng iniisip ng mga Kristiano sa bawat lokal, bawat lalawigan at sa buong mundong antas.[96]

Buod ng aming mga Pangako sa Misyong Biblikal

1. Aming sinasangayunan na ang plano ng Diyos sa panahong ito ay maibubuod sa kautusan ni Hesus na idisipolo ang lahat ng bayan.[97] Kabilang dito ang ebanghelyo ng pakikipagkasundo sa Dios sa pamamagitan ng ginawa ni Kristo at ang panghabambuhay na pagsunod sa Dios sa pamamagitan ng patuloy na paggawa ng Banal na Espiritu.[98]

2. Aming sinasang-ayunan na ang plano ng Diyos sa panahong ito ay kasama ang pagkilala,

pagsasanay at pagpaparaya sa mga may sapat na kaalaman sa ispiritualidad at sa mga sinanay na tagapanguna.[99] Kahit na ang mga biyaya, mga kakayahan at mga responsibilidad ng mga namumuno ay magkakaiba, nararapat na maglingkod ang mga namumuno bilang mga utusan ng Diyos,[100] bilang pastol ng Diyos sa Kaniyang mga tao[101] at tagapamahala ng Dios sa Kaniyang kayamanan.[102]

3. Aming sinasang-ayunan na ang plano ng Diyos sa panahong ito ay naipahayag sa pamamagitan ng pagtatayo ng malalagong iglesia. Kahit na may pagkakaiba sa mga kultura, ang malalagong lokal na simbahan ay binubuo ng mga mananampalataya kay Kristo na siyang umako ng iisang layunin upang sumamba, matuto, maglingkod, manalangin at magbahagi ng Salita ng Diyos.[103]

4. Aming sinasang-ayunan na ang plano ng Diyos sa panahong ito ay kasama ang ating responsibilidad na ipahayag ang habag ni Kristo sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Ebanghelyo sa salita habang gumagawa ng kabutihan.[104] Kami'y nangangakong maghahanap ng mga malikhain at praktikal na mga pamamaraan upang matugunan ang pisikal, emosyonal, sosyal at ispiritwal na pangangailangan ng mga nagkasalang sangkatauhan.[105]

---

1 Juan 1:1.14
2 Mateo 5:17.18; 2 Timoteo 3:16; 2 Pedro 1:20.21; Awit 19:7-11
3 Juan 14:6; Gawa 4:12; 1 Corinto 12:3; Roma 10:9; Felipos 2:9-11
4 Deuteronomio 6:4; Isaias 43:10; 1 Corinto 8:4-6; 1 Timoteo 2:5
5 Mateo 22:32; Gawa 3:13
6 Genesis 1:1; Awit 146:6; Juan 1:3; Colosas 1:16-17
7 Mateo 28:19; Likas 3:22; 2 Corinto 13.14
8 Juan 1:1-3; Juan 8:58; Tito 2:13
9 Roma 11:36; Colosas 1:16
10 Juan 1:14; Mateo 1;18-23; Lukas 1:29-35
11 Lukas 2:52; Juan 19:28; Filipos 2:6-8
12 Hebreo 4:15; 1 Pedro 2:22
13 Roma 5:8; 2 Corinto 5:21; 1 Pedro 2:24.25
14 Lukas 24:36-43; Roma 1:4; 1 Corinto 15:3-8
15 Gawa 1:9; Hebreo 4:14
16 Efeso 1:19-23; Hebreo 4:15.16
17 Gawa 1:11
18 Gawa 5:3.4
19 Juan 16:7-15
20 Genesis 1:2
21 2 Pedro 1:21
22 Juan 16:8-11
23 Tito 3:5
24 Efeso 5:18
25 Galacia 5:16
26 Galacia 5:22.23; Efeso 3:16-21; Gawa 1:8

27 Lukas 24:25-27; 1 Pedro 1:23-25
28 2 Timoteo 3:16; 2 Pedro 1:20.21
29 Awit 19:7-11
30 Awit 119:89; Awit 119:160
31 Roma 1:16; Roma 10:8-17; Roma 16:25-27
32 1 Corinto 2:9-16; Efeso 1:17-23
33 Genesis 1:26-28
34 Santiago 3:9
35 Genesi 3:1-24
36 Roma 5:12.19
37 Roma 6:23; Efeso 2:1-3
38 Roma 8:6-8
39 Genesis 2:17; Roma 5:12
40 Juan 1:12; Juan 3:3-5
41 Roma 5:1; Efeso 2:4-9; Tito 3:5-7; 1 Pedro 1:18-21; Hebreo 1:12; Hebreo 10:14
42 1 Pedro 4:17; Efeso 2:19.20; 1 Timoteo 3:14.15
43 1 Cotinto 12:27; Efeso 1:22.23
44 1 Corinto 3:6; Efeso 1:21.22
45 1 Corinto 12:13
46 Hebreo 10:25; Galatia 1:2; Roma 16:4.5; Pahayag 2:1.8.12.18; Pahayag 3:1.7.14
47 Roma 4:5
48 Roma 1:5
49 Santiago 2:14-17; Tito 3:8
50 Galatia 5:22.23
51 Mateo 22:37-40; Colosas 3:17
52 Felipos 1:6; Felipos 2:12-13
53 Roma 8:29; 1 Corinto 3:18
54 Daniel 7:10; Hebreo 12:22
55 Hebreo 1:14; Efeso 1:21; Efeso 3:10
56 1 Pedro 5:8.9; Pahayag 12:1-10
57 Efeso 6:12
58 1 Juan 3:8
59 Juan 12:31; Roma 16:20; Pahayag 2:10
60 Filipos 1:21-23; Lucas 16:19-31
61 Juan 5:28.29
62 Mateo 25:46; Pahayag 20:15
63 Juan 3:16, Juan 6:47
64 Roma 14:10-12; 1 Corinto 3:10-15; 2 Corinto 5:10
65 1 Tesalonica 4:17; Pahayag 21:3-5; Awit 16:11
66 Mateo 5:18; Lukas 24:25-27
67 1 Corinto 2:14
68 1 Corinto 4:6
69 Gawa 17:11; 2 Timoteo 2:15; 1 Cronica 12:32
70 Juan 10:28.29; 1 Pedro 1:3-5
71 Roma 3:24; Roma 5:25
72 Efeso 1:3
73 Roma 8:1
74 1 Corinto 12:13
75 Efeso 1:3
76 Roma 8:11
77 Roma 12:6; 1 Corinto 12:7.11
78 Mateo 28:19; Gawa 8:36-38; Gawa 10:47
79 1 Corinto 11:20.23-26; Licas 22:14-20; Juan 13:14; Judas 12
80 Santiago 5:13-16
81 1 Timoteo 4:14
82 Gawa 2:1; Gawa 2:37-47
83 1 Tesalonica 4:16.17; Juan 14:3
84 Zacarias 12; Roma 11:26-29

85 Gawa 1:11; Zacarias 14:4
86 Pahayag 19:11-16; Colosas 3:4
87 Pahayag 20:4
88 1 Corinto 15:24.25
89 Juan 17:20.21
90 Efeso 4:1-6
91 1 Pedro 4:10
92 Roma 12:3-8; 1 Corinto 12:12-27
93 May humigit dalawampung 'bawat-isa' sa Bagong Tipan. Ikumpara ang Santiago 5:16; Galacia 5:13 et al.
94 1 Corinto 5:12.13
95 1 Corinto 11:16
96 Ikumpara ang Gawa 18:24-28; Roma 15:24-29
97 Mateo 28:18-20; Roma 1:5
98 Roma 10:13-17; 1 Corinto 15:3-4; 2 Corinto 5:18-20; Galasia 5:16
99 Gawa 13:2.3
100 1 Timoteo 4:6
101 Gawa 20:28; 1 Pedro 5:2
102 1 Corinto 4:1
103 Gawa 2:41-47; Gawa 14:1-28
104 1 Juan 3:16-18
105 Gawa 10:38; Tito 3:8; Santiago 2:1-9